

Mediation at CJC: Filipino

Mga Serbisyo sa Pamamagitan at Pamamahala Pag-aalitan *Gusto mo bang may masabi ka sa paglutas ng mga alitan na naka-aapekto sa iyo?*

Ano ang ginagawa ng mga Sentro ng Pangkomunidad na Hustisya?

Mga Sentro ng Pangkomunidad na Hustisya (Community Justice Centres) (CJC) ay nagbibigay ng mga serbisyo sa pamamagitan at pamamahala ng pag-aalitan upang matulungan ang mga tao na malutas ang kanilang mga alitan. Ang aming serbisyo ay LIBRE, kumpidensyal, boluntaryo, nasa oras o panahon at madaling gamitin.

Ano ang Pamamagitan?

Ang pamamagitan ay ang pagsasama-sama ng mga tao upang mapag-usapan ang mga paksa o problema ng alitan..

Ang mga sesyon ng pamamagitan sa CJC ay ginagawa ng dalawang walang pinapanigan at nagsanay ng mga tagapamagitan na tumutulong sa mga tao na maintindihan ang pagkukuro o palagay ng bawat isa at magkatulong na gumawa ng kasunduan na matatanggap ng lahat.

Pinamamahalaan ng mga tagapamagitan ang pagpapatakbo ng sesyon ng pamamagitan. Ang mga taong nag-aalitan ang nagpapasiya kung ano ang pag-uusapan at kung ano ang pagkakasunduan.

Bakit Mamagitan?

Ang pamamagitan ay nagbibigay ng ligtas at hindi pormal na kapaligiran para sa mga tao upang makipag-usap sa bawat isa upang malinawan at malutas ang mga problema. Wala namang mawawala.

Mahigit na 80% ng mga pamamagitan ay natatapos nang may nagawang kasunduan. Ito ay sa dahilang ang mga tao ay gumagawa ng kanilang sariling desisyon at sa gayon sila ay mahigit na nagtiwala sa kalalabasan.

Kung ang kasunduan ay hindi magawa o maabot, mayroon namang pagkakataon na maliwanagan ang mga problema at maintindihan ang pagkukuro at palagay ng bawat isa.

Ano ang mangyayari sa pamamagitan?

Ang pamamaraan ay k Ang tungkulin ng mga tagapamagitan ay pamahalaan at padaliin ang pag-uusap upang ang mga tao ay makagawa ng kanilang sariling may sentido-komung kalutasan sa kanilang alitan.

araniwang sumusunod sa mga hakbang na ito:

- ⇒ Ang mga tagapamagitan at mga taong kasangkot ay magpapakilala ng kanilang sarili at ipaliliwanag ng mga tagapamagitan ang pamamaraan at mga alituntunin para sa pamamagitan.
- ⇒ Ang bawat isang tao ay magpapaliwanag ng kanilang mga pag-aalaala o problema.
- ⇒ Ang bawat isang tao ay pakikilingan nang walang pagsabab o pag-abala.
- ⇒ Ang mga tagapamagitan ay nanghihikayat at nagpapadali ng pag-uusap ng mga tao tungkol sa mga problemang kanilang nalaman.
- ⇒ Kinakausap nang sarilinan ng mga tagapamagitan ang bawat isang tao, habang ang iba ay may panahong mag-isip tungkol sa kanilang mga opsiyon o pagpipilian.

- ⇒ Pagkatapos, sila ay pagsasamahing muli at hihikayating makipagkasundo para sa panghinaharap na mga pag-aayos.
- ⇒ Kapag ang lahat ay sumang-ayon, ang mga tagapamagitan ay susulat ng kasunduan at magbibigay ng kopya sa bawat isang tao bilang tala o rekord ng bagay na napagpasiyahan.

Sino ang mga Tagapamagitan?

Ang mga tagapamagitan ng CJC ay nagdaraan sa napakahigpit na paraan ng pagpili at kumukumpleto ng kursong may lubusang pagsasanay.

Sila ay binigyang-kapangyarihan at binabayaran ng NSW Attorney General at namamagitan para sa CJC batay sa sesyon.

Pinapanatili nila ang kanilang mga kakayahan sa pamamagitan ng patuluyang pagsusuri, pamamahala at nasa serbisyong pagsasanay.

Anu-anong mga alitan ang nababagay para sa pamamagitan?

Malawak ang hanay ng mga alitan na nababagay para sa pamamagitan kabilang ang:

- ⇒ mga kapitbahay – mga bakod, mga puno, ingay, mga alagang hayop, mga bata, daanan, musika
- ⇒ mga pamilya – naghihiwalay na mag-asawa, dagdag na mga pamilya, mga magulang at mga anak, mga tagapag-alaga
- ⇒ negosyo – sa mga kliyente, mga kontratista, kahusayan ng / kabayaran para sa trabahong ginawa
- ⇒ mga bagay na pangmamamayan at maliit na paghahabol
- ⇒ lugar ng trabaho – mga relasyon, mga bagay na hindi pang-industriya
- ⇒ sa pagitan at sa loob ng mga komunidad – pantahanan, paaralan, lipunan, negosyo, serbisyo, paligsahang paglalaro....

Kung ikaw ay hindi sigurado, makipag-alam sa aming tauhan.

Paano ako maaaring makipag-ayos ng pamamagitan?

Maaari kang makipag-alam nang direktso sa amin sa pamamagitan ng telepono, fax, sulat o email.

Ang aming mga tauhan ay makikinig sa iyong mga pag-aalaala o mga problema at ikaw ay papayuhan kaagad kung kami ay makatutulong sa iyo.

Kung kami ay makatutulong sa iyo, ang aming mga tauhan ay magtatanong sa iyo ng impormasyon tungkol sa iyo, sa iyong mga pag-aalaala o mga problema at tungkol sa ibang mga taong kasangkot.

Kami ay makikipag-alam sa ibang mga tao at hihikayatin namin sila na sumali sa sesyon ng pamamagitan.

Kailan at saan ginaganap ang mga pamamagitan?

Wala kaming mga listahan ng paghihintay. Ang mga sesyon ng pamamagitan ay inaayos sa mga oras na angkop sa bawat isa at ginaganap sa aming pampurok na opisina o sa lugar na malapit sa iyo.

Ang sesyon ng pamamagitan ay tumatagal sa pagitan ng 2 at 4 na oras kaya tiyakin na ikaw ay may sapat na oras kapag dumadalo sa sesyon.

Kailangan mo ba ng isang interprete o mayroon ka bang espesyal na mga pangangailangan?

Pakisabi sa amin kung kailangan mo ng tulong sa paggamit ng aming serbisyo.

Kung kailangan mo ng isang interprete pakitawagan ang 131 450 at hilingin sa interprete na kontakin ang Sentro ng Pangkomunidad na Hustisya (Community Justice Centre) sa iyong lugar.

Ang mga salin sa wika ng polyetong ito ay makukuha sa sumusunod na mga wika:

Arabic, Bosnian, Chinese, Croatian, Filipino, German, Greek, Italian, Khmer, Korean, Laotian,

Macedonian, Maltese, Polish, Portuguese, Russian, Serbian, Spanish, Turkish and Vietnamese.

Ang mga salin sa wika ay makukuha rin buhat sa aming website sa: www.cjc.justice.nsw.gov.au